Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/6

Mga sagot sa Pagbuo ng Pangungusap

Panuto: Pumili ng isang *sugnay na makapag-iisa* mula sa kaliwa at ipagsama ito sa isang *sugnay na di-makapag-iisa* mula sa kanan upang makabuo ng isang makabuluhan na pangungusap. Isulat ang pangungusap sa patlang.

Sugnay na makapag-iisa	Sugnay na di-makapag-iisa
magaling tumugtog ng gitara si Gabbie	ngunit wala siyang perang pambili ng mga aklat
ihanda na ninyo ang mga dadalhin ngayon gabi	para mataas ang markang makukuha niya sa pagsusulit
nag-aaral nang mabuti si Paolo	dahil araw-araw siyang nagsasanay
si Ana ang nagluluto ng hapunan	kung maaga kayo aalis bukas
mahilig magbasa ang mga anak ni Meldy	kaya pinayagan na siyang maglaro sa labas ng bahay
nagawa na ni Henry ang kanyang takdang-aralin	kapag gabi na uuwi ang mga magulang niya

1. *Magaling tumugtog ng gitara si Gabbie dahil araw-araw siyang nagsasanay.*

2. *Ihanda na ninyo ang mga dadalhin ngayon gabi kung maaga kayo aalis bukas.*

3. *Nag-aaral nang mabuti si Paolo para mataas ang markang makukuha niya sa pagsusulit.*

4. *Si Ana ang nagluluto ng hapunan kapag gabi na uuwi ang mga magulang niya.*

5. *Mahilig magbasa ang mga anak ni Meldy ngunit wala siyang perang pambili ng mga aklat.*

6. *Nagawa na ni Henry ang kanyang takdang-aralin kaya pinayagan na siyang maglaro sa labas ng bahay.*